American Cancer Society
Every cancer. Every life.

# Ano ang Gagawin para sa Mga Pagbabago sa Kuko

Maaaring mangyari ang mga pagbabago sa kuko sa mga kamay at paa, o pareho. Ang mga pagbabagong ito ay maaaring makaapekto sa hitsura, pakiramdam, at kung paano gumagana ang iyong mga kuko. Ang mga pagbabago ay maaaring pansamantala o maaaring magtagal.

## Ano ang sanhi ng mga pagbabago sa kuko sa mga taong may cancer?

Maaaring mangyari ang mga pagbabago sa kuko sa maraming dahilan. Maaaring mangyari ito dahil sa:

- Paggamot sa cancer, tulad ng chemotherapy, radiation therapy, at targeted drug therapy
- Ilang cancer, tulad ng cancer sa balat
- Mga gamot o paggamot para sa iba pang mga kondisyon sa kalusugan

## Ano ang ilang karaniwang pagbabago sa kuko?

Ang mga pagbabago sa kuko ay maaaring maapektuhan ang nail plate (ang pinakamatigas na bahagi ng kuko at ang bahaging nakikita) at ang nail bed (ang tisyu sa ilalim ng nail plate). Kabilang sa ilang karaniwang pagbabago sa kuko ang:

- Maiitim na bahagi sa ilalim ng kuko, na mukhang mga pasa, at pinakakaraniwang nakikita sa cuticle (ibaba ng kuko)
- Maliliit at maninipis na biyak o malalalim na hiwa o pagputol sa dulo ng daliri, nail plate, o nail bed, na maaaring maging masakit
- Maliliit na pulang linya na maliliit na bahagi na may pagdurugo sa ilalim ng nail plate
- Pangingitim ng balat sa palibot ng kuko, o sa kuko mismo (mga pagbabago sa kulay)
- Pamumula, at paminsan-minsan ay pamamaga sa nail bed at balat sa palibot ng daliri sa kamay o paa, na maaaring palatandaan ng impeksyon at maaaring masakit
- Pag-angat ng nail plate, na makakapagdagdag sa panganib ng impeksyon at pagkatanggal ng kuko
- Ganap na pagkawala ng nail plate, na maaaring masakit at makakadagdag sa panganib ng impeksyon hanggang sa tumubong muli ang kuko
- Ridges (mga guhit na bahagyang nakausli sa kuko) o mga linyang may kulay sa nail plate, na mawawala pagkatapos ng paggamot

## Paano ginagamot ang mga pagbabago sa kuko?

Hindi lahat ng pagbabago sa kuko ay nangangailangan ng paggamot. Ang paggamot ay nakadepende sa kung anong mga palatandaan o sintomas ang mayroon ka. Halimbawa, maaaring gamitin ang mga gamot para gamutin ang pananakit o impeksyon.

## Ano ang maaari mong gawin upang makatulong sa pag-iwas o pamamahala ng mga pagbabago sa kuko?

- Tingnan ang iyong mga kamay at paa araw-araw para hanapin ang mga pagbabago sa iyong mga kuko.
- Iwasan ang mga pinsala sa iyong mga kuko hangga't maaari.
- Gumamit ng coating para sa kuko na malulusaw sa tubig, tulad ng nail polish, sa mga kuko na may ridges, sensitibo, o nabibiyak.
- Panatiling maikli ang mga kuko. Ang maiikling kuko ay mas malamang na hindi mabali o mahagip.
- Panatilihing malinis ang iyong mga kuko upang makatulong na maiwasan ang mga impeksyon.
- Magsuot ng mga guwantes upang makatulong na maprotektahan ang iyong mga kuko kapag inilulublob ang mga ito sa tubig (tulad ng paghuhugas ng mga pinggan), paghahardin, o paglilinis.

- Iwasan ang mga manicure at pedicure.
- Magsuot ng maluwag na sapatos.
- Iwasan ang presyon sa iyong mga nail bed (sa mga kuko sa kamay at paa).
- Itanong sa iyong cancer care team ang tungkol sa anumang mga remedyo sa bahay bago subukan ang mga ito.

## Kailan kakausapin ang iyong cancer care team

Itanong sa iyong cancer care team kung ang iyong paggamot ay malamang na magdulot ng mga pagbabago sa kuko. Itanong kung anong uri ng mga pagbabago ang susubaybayan at kung paano pamamahalaan ang mga ito. Ipaalam sa iyong cancer care team kung mayroon kang anumang mga pagbabago sa iyong kuko, pamamaga, pamumula, o pananakit sa palibot ng iyong kuko.

Para sa higit pang impormasyon at suporta, bisitahin ang website ng American Cancer Society sa **cancer.org/tagalog** o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**. Narito kami kapag kailangan mo kami.



©2026, American Cancer Society, Inc.
No. TAG214811 Rev. 3/26

BBB. ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity